



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG UNANG ESPESYAL NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG ABRIL 20, 2012 IKA-10:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis	- Presiding Officer
Councilor Mae Arlene M. Talens	- Member
Councilor Eduardo K. Soriano	- Member
Councilor Elsie F. Galaran	- Member
Councilor Cesar T. Baticos	- Member
Councilor Lee M. Baculinao	- Member
Councilor Juan S. Advincula	- Member
Councilor Camilo G. Ferreira	- President, Liga ng mga Barangay
Councilor Mary Jennie Leigh Q. Sarmiento	- MSKF President

Hindi Nakadalo:

Councilor Juanito A. Bacay, Jr.	- Member
Councilor Arnel F. Fabon	- Member, Mourning Leave

KAPASYAHAN BLG. 021
Series of 2012

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY KONSEHAL ARNEL F. FABON AT MGA KAAKAP SA PAGPANAW NG KANILANG MINAMAHAL NA INA, GNG. MAYONITA FABELLO FABON.

SAPAGKAT, sa kulturang Pilipino, ang pamilya ay simbolo ng pagkakaisa at pagdadamay ng lahat ng bumubuo nito sa kasaganaan man o kahirapan;

SAPAGKAT, sa kaisipang ito, ang pagpanaw ng isang miyembro ng pamilya lalo pa't ng isang ina ay lubhang dinaramdam at ikinalulungkot ng mga anak at kaanak nito;

SAPAGKAT, ang ina ang maituturing na pinakadakilang nilikha ng Diyos na pinagtiwalaan ng mabigat na tungkulin at responsibilidad mula sa pagdadala ng sanggol sa sinapupunan hanggang sa pagluluwal at pag-aaruga sa paglaki nito;

SAPAGKAT, ang minamahal na ina ni Konsehal Arnel F. Fabon ay humarap na sa Lumikha at bagama't ito ay lubos nilang ikinalulungkot, nalwan naman ay ang mga alaala ng isang mapagmahal, mapag-aruga at mapagkandiling ina;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas at ang mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay kay Konsehal Arnel F. Fabon, sa kanyang mga kapatid at mga kaanak

sa pagpanaw ng kanilang mahal na ina, Gng. Mayonita Fabello Fabon.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot kay Konsehal Arnel F. Fabon, mga kapatid at mga kaanak ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa kawani ng pamahalaang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa pagpanaw ng kanilang ina, Gng. Mayonita Fabello Fabon,


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Kagalang-galang Arnel F. Fabon, Konsehal ng Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, mga kapatid at mga kaanak lakip ang tauspusong pakikiramay.

Pinagtibay ng lahat: 20 Abril 2012

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

merz/042012